REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-46

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA MAKAUTANG SA PNB (PHILIPPINE NATIONAL BANK) O ALINMANG INSTITUSYONG PAMPAUTANGAN NG HALAGANG ISANGDAAN AT LIMAMPUNG MILYONG PISO (P150,000,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAGAWA NG ISANG OSPITAL NA TATAWAGING "OSPITAL NG MUNTINLUPA."**

*****************************************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Reynaldo A. Abas,Jr.**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Patricio L. Boncayao,Jr.**
**Kgg. Vicente Y. Chua**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

*****************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay nagpatibay ng isang kapasiyahan na sinusuportahan ang balakin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa na magtayo ng isang "World Class" 150-kamang ospital sa loob ng Muntinlupa Civic Center sa may Filinvest Corporate City;

**SAPAGKAT,** ang naturang ospital ay kinakailangan nang maitayo sa lalong madaling panahon upang matugunan ang pangangailangang medikal ng mga mamamayan ng Muntinlupa na kinakailangan pang dumayo sa ibang lugar upang humanap ng magaling na serbisyo lalung-lalo na sa oras ng madaliang pangangailangan (emergency);

**SAPAGKAT,** upang maitayo ang ospital, ang Pamahalaang Lungsod ay mangangailangan ng halagang Isangdaan at Limampung Milyong Piso (P150,000,000.00) upang magamit sa konstruksiyon kasama ang "furnitures and fixtures;"

**SAPAGKAT,** sa kasulukuyan ang Pamahalaang Lungsod ay walang sapat na halaga upang magamit sa pagpapagawa ng nasabing ospital kung kaya't kinakailangan ang mangutang upang matustusan ang madaliang konstruksiyon nito;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Sanggunaing Panglungod na ang pag-utang sa bangko o alinmang institusyong pampautangan ang pinakamadaling paraan upang mapondohan ang pagtatayo ng hinahangad na **"Ospital ng Muntinlupa"**;

**SAPAGKAT,** ang halaga na gagamitin ng Pamahalaang Lungsod sa pagbabayad ay kukunin sa bahagi ng pondong matatanggap mula sa Internal Revenue Allotment (IRA), ng Pamahalaang Nasyonal para sa susunod na pitong (7) taon;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pagkalooban ang Punonglungsod. Kgg. Ignacio R. Bunye ng kapangyarihan na makautang sa PNB (Philippine National Bank) o alinmang institusyong pampautangan ng halagang Isang Daan at Limampung Milyong Piso (P150,000,000.00) para sa pagpapagawa ng "Ospital ng Muntinlupa".

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ngayong **9 Hunyo 1997**, sa **ginanap na ika-85 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: June 20, 97

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196